City of Seattle

Abiso ng Hindi Pagdiskrimina

Tinitiyak ng Lungsod ng Seattle (Lungsod) na walang taong ididiskrimina sa mga programa at aktibidad ng Lunsod batay sa kanyang lahi, kulay, bansang pinagmulan, relihiyon, kasarian, edad, o kapansanan, ayon sa isinasaad ng Titulo VI ng Civil Rights Act (Batas sa Mga Karapatang Sibil) ng 1964, Civil Rights Restoration Act (Batas sa Pagbabalik ng Mga Karapatang Sibil) ng 1987 (P.L. 100.259), Age Discrimination Act (Batas laban sa Pagdiskrimina Batay sa Edad) ng 1975, gaya ng binago, at Titulo II ng American with Disabilities Act (Batas para sa Amerikanong May Kapansanan). Bukod pa rito, sumusunod din ang Lungsod sa mga karagdagang batas sibil ng estado at munisipalidad, at tinitiyak nito na walang taong ididiskrimina sa mga programa at aktibidad nito batay sa kanyang sekswal na oryentasyon, pagkakakilanlan ng kasarian, katayuan sa pagiging kasal o pagiging magulang, pulitikal na ideyolohiya, paniniwala, angkan, pakikilahok sa programa sa pabahay ng Seksyon 8, katayuan sa militar o pagiging beterano, o dahil sa pagpapasuso sa bata sa isang pampublikong lugar, ayon sa isinasaad ng Seattle Municipal Code (Kodigo ng Munisipalidad ng Seattle) 14.04, 14.06 at 14.10.

Maaaring maghain ng reklamo sa Seattle Office for Civil Rights (Opisina para sa Mga Karapatang Sibil ng Seattle) ang sinumang pinoprotektahan sa ilalim ng Titulo VI o iba pang batas na naniniwalang nakaranas siya ng diskriminasyon.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa City of Seattle Title VI program (programang Titulo IV ng Lungsod ng Seattle), o para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung paano maghain ng reklamo, tawagan ang Seattle Office for Civil Rights sa (206) 684-4500, mag-email sa ocr_intake@seattle.gov, bumisita sa www.seattle.gov/civilrights o personal na bumisita sa 810, Third Avenue, Suite 750, Seattle, WA 98104. Bukas ang Seattle Office for Civil Rights mula Lunes hanggang Biyernes, 8am hanggang 5pm.